



## Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Hunyo, 2017

### Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

#### Sumubok! Maglibang! Sa “Gifu Prefecture Yū Ai Welfare Pool”!

Ang mga taong may kapansanan o may edad 60 pataas ay maaaring gamitin buong taon ang in-door pool, at ang mga bata at kanilang magulang ay maaaring maglaro sa subpool (mababaw na swimming pool) atbp. Inaanyayahan din ang mga baguhan sa gaganaping swimming class at training class.



Indoor pool

◆**Lugar:** Gifu-shi, Sagiyama Mukai 2563-18  
(sa loob ng Gifu Seiryu Welfare area)

◆**Panahong Bukas:**

【Mayo~ Setyembre】 9:00AM~ 21:00PM,

【Oktubre~ Abril】 10:00AM~ 21:00PM

◆**Araw na Sarado:** Martes, Sunod na araw kapag Pambansang Holiday, at sa Bagong Taon

◆**Bayad sa Paggamit:**

May Kapansanan (regular) ¥200

May Kapansanan (Senior High School pababa) ¥100

Caregiver ¥100

Edad 60 pataas ¥400

◆**Para sa mga Katanungan:**

Gifu Prefecture Yū Ai Welfare Pool

☎058-295-1100

(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

FAX 058-295-1020

◆**Hanaping salita:**福祉友愛プール

●Populasyon sa Prepektura

**2,018,356** (Nabawasan ng 1,190 katao)

Lalaki: 977,926 (Nabawasan ng 505 katao)

Babae: 1,040,430 (Nabawasan ng 685 katao.)

※Marso 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモだより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televised

(Palabas) Huwebes 18:53 - 18:57

(Replay) Martes 21:54 - 21:58

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang “d” button para makuha ang lokal na impormasyon!



#### Pangangalap ng Lalahok sa Gifu- Toyama Exchange Bus Tour

Kaugnay sa “Araw ng Toyama- Gifu Exchange” ng Hulyo 5, gaganapin ang one day bus tour sa kaakit- akrit na Toyama prefecture. Ngayong taon, bibisitahin ang glass museum sa Toyama-shi at



Shin Minato Fishing Port area  
Shin Minato Bridge at Kaiomaru Sail Boat

Shin Minato fishing port sa Imizu-shi.

◆**Araw:**①Toyama Course (bus boarding sa Seino Sougu o sa Chuno Sougou Chousha), Hulyo 14 (Biyernes)

②Imizu Course (bus boarding sa Ena Sougou Chousha), Hulyo 21 (Biyernes)

◆**Kapasidad:** 40 katao bawat course (minimum ng 20 katao; bunutan kung madami. Para sa ② Course, prioridad na pipiliin ang may kasamang bata na elementary pataas)

◆**Bayad:** ① ¥2,400 (Junior High pababa ¥2,200),

② ¥2,600 (Junior High pababa ¥2,400)

◆**Paraan ng Aplikasyon:** Tukuyin kung anong course ang napili (para sa ①Toyama Course, isulat din ang lugar ng pag- alis), tirahan, bilang ng taong sasama, mga pangalan, edad at telepono ninyo. Ipadala gamit ang e- mail, fax o return postcard/ *oufuku hagaki*.

◆**Deadline ng Aplikasyon:**

Ipadala bago Hunyo 22 (Huwebes)

◆**Pagplano at Pagsasagawa ng Tour:** Meitetsu Tour Service, Gifu Branch ( ☎ 500-8833, Gifu- shi, Kanda-cho 7-1 MC Bldg 2F)

◆**Para sa mga Katanungan:** ☎058-265-8103

(tumutugon sa wikang Hapon lamang),

FAX 058-263-5059, E-mail: [gifu@mwt.co.jp](mailto:gifu@mwt.co.jp)

Oras: 9AM~18PM, weekdays (except holidays)

# Kahon ng Impormasyon

## **Pangangalap** Nangangalap ng mga Aplikante para sa FY 2017 Gifu Pref. Mountain Climbing Seminar

Magdaraos ng seminar upang planuhin kung paano maiwasan ang aksidente sa bundok at magtaguyod ng masaya at ligtas na pagakyat sa bundok. Maaaring makapulot dito ng aral at kasanayan tungkol sa mountain climbing.

● **Petsa at Oras:** Hulyo 9 (Linggo), mula 10:00AM

● **Lugar:** OKB Fureai Plaza (Gifu-shi)

● **Kapasidad:** 120 katao (first come, first served)

● **Bayad:** Libre

● **Paraan ng Aplikasyon:** Ipadala ng koreo o fax ang application form (ang form ay makukuha direkta sa Gifu Pref. Sports Promotion Division, o sa website nila)

● **Deadline ng Aplikasyon:** Ipadala bago Hunyo 30 (Biyernes)

● **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Gifu Prefecture, Sports Promotion Division

☎058-272-8762(tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2604

● **Hanaping salita:** 岐阜県登山講習会

## **Impormasyon** Iwasan Natin ang Food Poisoning

Upang maiwasan ang food poisoning dulot ng mga bakterya na karaniwang dumadami sa tag-init, isaisip natin ang mga sumusunod na puntos:

- ① Alisin ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
  - Hugasan ng maigi ang pagkain, kamay at gamit pangluto
  - Takpan ng takip o plastic wrap ang pagkain
- ② Iwasan dumami ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
  - Ilagay kaagad sa ref ang mga nabiling frozen foods o pagkain na kailangan naka-ref.
  - Kainin kaagad ang nilutong pagkain at huwag iwang matagal sa hapag kainan.
- ③ Patayin ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
  - Lutuin ng maigi ang pagkain
  - Regular na disimpektahin ang mga gamit pangluto

● **Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefecture, Public Hygiene Division

☎058-272-8280(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

## **Impormasyon** Gaganapin ang General Welfare Job Fair

Magdaraos ng "Employment Seminar" at "Joint Job Search and Company Explanation Seminar" (tulad ng interview ng HR staff ng kumpanya, konsultasyon tungkol sa trabaho, atbp.) para sa mga nais magtrabaho sa welfare o care-giving at/ o pagbantay ng bata.

● **Petsa at Oras:** Hulyo 2 (Linggo)

"Employment Seminar" 11:30AM~ 13:00PM

"Joint Job Search and Company Explanation Seminar" 13:00PM~ 16:00PM

● **Lugar:** Gifu Industrial Hall/ *Gifu Sangyo Kaikan* (Gifu-shi)

● **Kapasidad:** Sa "Employment Seminar", 80 katao (first come, first served)

● **Bayad:** Libre

● **Paraan ng Aplikasyon:** Hindi kinakailangan

● **Para sa Katanungan:** Gifu-ken Fukushi Jinzai Sougou Taisaku Senta (Gifu Prefectural Council of Social Welfare)

☎058-276-2510(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

## **Pangangalap** Nangangalap ng mga Larawan Pang-eksibisyon para sa "Alindog ng Gifu Midori"

Magdaraos ng photo contest na humuhuli sa iba't ibang alindog ng agrikultura at rural areas sa Gifu Prefecture. Nangangalap ngayon ng mga larawan o pictures na angkop sa tema na "Pagtutulungan sa Rural Area".

● **Deadline ng Aplikasyon:** Nobyembre 30 (Huwebes), balidong tatak ng koreo

● **Limitasyon:** Para lang sa mga nakatira, nagtrabaho o nag-aaral sa Gifu Pref. at hindi professional photographers.

● **Paraan ng Aplikasyon:** Idikit ang application slip sa likod ng larawan at isumite gamit ang koreo o direktang ibigay.

● **Standard ng Larawan:** *Yotsugiri* o 10x12 inches picture size (kasama dito ang wide-shot), color print. Kung gumamit ng digital camera, dapat A4 o B4 picture size at color print.

● **Premyo:** Isang (1) Governor's Prize at dalawang (2) Dep't of Agricultural Policy Executive Director's Prize.

● **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Rural Development Division

☎058-272-8460(tumutugon sa wikang Hapon lamang)

● **Hanaping salita:** ぎふ水土里の魅力ナビ

**Pangangalap Pangangalap ng mga Aplikante para sa Seiryu no Kuni Gifu Aquatic Environment Event**

Magkakaroon ng River- themed event na gaganapin sa Aquatoto Gifu. Mayroong crafts- making experience, paggawa ng mga eksperimento upang mapag- aralan ang flood- control gamit ng mga modelo at pagsaliksik ng mga hayop na nabubuhay sa ilog.

- **Petsa:** Hulyo 28 (Biyernes)
- **Lugar:** Aquatotto Gifu (Kakamigahara-shi)
- **Target at Kapasidad:** Elementary students at kanilang mga magulang, approx. 30 groups (first come, first served)
- **Bayad:** Libre
- **Paraan ng Aplikasyon (Form):** Sagutan at ipadala ang form gamit ang koreo, fax o e-mail (makukuha ang application form sa website ng Gifu Prefecture)
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** River Management Division  
☎058-272-8593(tumutugon sa wikang Hapon lamang), FAX 058-278-2753,E-mail [c11652@pref.gifu.lg.jp](mailto:c11652@pref.gifu.lg.jp)
- **Hanaping salita:** 水環境イベント

**Pangangalap Nangangalap ng Gawain para sa “Seiryu no Kuni Gifu, Rekomendasyon ng Isang Aklat” Contest**

Magdaraos ng contest “Seiryu no Kuni Gifu, Rekomendasyon ng Isang Aklat” kung saan ipapakilala ang libro na nais ninyong irekomenda tulad ng mga librong nabasa ninyo na nagbigay inspirasyon, nagbago sa inyong buhay, o nakatulong sa inyo, atbp.

Nangangalap kami para sa tatlong (3) kategorya: “Shokai Bun”, “POP” at “Illustration POP”. Magrepresenta ng sertipiko at library card para sa mga mananalò.

- **Limitasyon:** Para lang sa mga nakatira, naga- aral o nagtrabaho sa Gifu Prefecture, edad 15 anyos pataas (maliban sa mga Junior High students)
- **Target na Libro:** Mga libro sa library (maliban sa manga o comics)
- **Paraan ng Aplikasyon:** ipadala ng koreo o sa website
- **Panahon ng Aplikasyon:** Hulyo 15 (Sabado) ~ Setyembre 15 (Biyernes), balidong tatak ng koreo
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Prefectural library  
☎058-275- 5111(tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-275-5115
- **Hanaping salita:** 岐阜県図書館

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Abril 27, 2017.**

**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp/>